


Ano ang SF City Option?

Ang SF City Option ay isang programa na maaaring gamitin ng mga employer upang magbigay ng benepisyong pangkalusugan sa kanilang mga empleyado na nagtatrabaho sa San Francisco. Maaari kayong bigyan ng inyong kompanya ng benepisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng SF City Option lamang o kasama ng iba pang mga benepisyong pangkalusugan tulad ng insyurans sa kalusugan.

Paano gumagana ang SF City Option?






Makukuha ang mga mapagkukunan sa SF City Option sa Ingles, Espanyol, Tsino at Tagalog. Ang SF City Option Customer Service ay gumagamit ng maraming wika at makatulong sa mga empleyado sa alinmang wika sa pamamagitan ng mga serbisyo sa pagsalalin.

Paano Ako Magpapatala?

- Pagkatapos ng unang kontribusyon ng inyong employer sa SF City Option¹, makatanggap kayo ng Sulat na Pagbati sa koreo.
- Hihilingin sa inyo na ibigay ninyo ang impormasyon sa SF City Option tungkol sa kung mayroon kayong insyurans sa kalusugan, sa inyong taunang kinikita, at kung nakatira kayo sa San Francisco.
- Batay sa inyong impormasyon, ipapasya ng SF City Option ang benepisyo para sa inyo.
- Kahit na umalis kayo sa trabaho, maaari pa rin ninyong gamitin ang benepisyo sa SF City Option².

May tatlong posibleng benepisyo sa loob ng SF City Option:

 <p>SF MRA YOUR ACCOUNT FOR HEALTH COSTS</p> <p>Ang benepisyong ito ay naglalagay ng pera sa isang account na maaari ninyong gamitin upang maisauli ang gastos ninyo para sa mga kwalipikadong gastusing pangkalsugan ninyo, ng inyong asawa o sambahayang kapareha, at ng inyong mga dependente.</p>	 <p>SF Covered MRA HELP WITH YOUR HEALTH INSURANCE</p> <p>Ang benepisyong ito ay naglalagay ng pera sa isang account na maaari ninyong gamitin upang maisauli ang mga gastos ninyo sa insurance sa kalusugan at co-pay sa Covered California, pati na rin ang iba pang kwalipikadong mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ninyo, ng inyong asawa o sambahayang kapareha, at ng inyong mga dependent.</p>	 <p>HealthySF OUR HEALTH ACCESS PROGRAM</p> <p>Binibigyan kayo ng benepisyong ito ng akses sa medikal na pangangalaga sa pamamagitan ng Healthy SF na isang programa para sa mga residente ng San Francisco na walang insyurans. Ang bayad ng kalahok na binabayaran kada tatlong buwan ay may diskwento habang nagbabayad ang employer sa SF City Option.</p>
---	--	--

Bisitahin ang [sfcityoption.org](https://www.sfcityoption.org) para sa karagdagang impormasyon.

1. Karaniwang nagbibigay ang mga employer ng bayad sa SF City Option kada 3 buwan. Depende kung kailan kayo natanggap sa trabaho at sa iskedyul ng mga bayad ng inyong employer, maaaring magtagal ng 4 hanggang 7 buwan bago ang unang bayad ng inyong employer.

2. Kung nagtrabaho kayo para sa kompanya nang mas matagal kaysa 90 araw, maaaring kwalipikado kayo para sa isang benepisyo sa SF City Option.